

# MGA IMPORMASYON TUNGKOL SA FOG



Ang fog ay ulap na dumadampi sa lupa, na maaaring lubos na makapagpababa ng kakayahang makakita at gawing mapanganib ang pagmamaneho. Nabubuo ang fog kapag ang pagkakaiba sa pagitan ng temperatura ng hangin at dew point ay mas mababa sa 4°F. Ang fog ay hindi ambon.

- Magdahan-dahan at maglaan ng karagdang oras upang maabot ang iyong patutunguhan
- Ang mga mataas ang sinag na headlight ay naaaninag sa fog at higit pang nagpapababa ng kakayahang makakita
- Kung wala kang fog light, isaalang-alang ang paggamit ng iyong mga mababa ang sinag na headlight
- Mag-iwan ng sapat na distansya sa pagitan mo at ng sasakyan sa harap mo upang isaalang-alang ang mga biglaang paghinto o pagbabago sa daloy ng trapiko
- Gamitin ang kanang gilid ng kalsada o mga ipinintang marka ng kalsada bilang gabay upang makatulong na mapanatili ang tamang posisyon ng lane
- Sa matinding fog, maging handa na magbigay-daan sa mga taong naglalakad o ibang sasakyan
- Sa napakakapal na fog, iwasang mabangga sa likuran ng ibang mga sasakyan sa pamamagitan ng ganap na pagtabi sa kalsada, gamitin ang hazard lights, at magparada
- Isaalang-alang ang pagpapaliban ng iyong biyahe hanggang sa mawala ang fog upang matiyak ang iyong kaligtasan at ang kaligtasan ng iba sa kalsada
- Ang fog ay maaaring magdulot ng mga nakamamatay na aksidente dahil ito ay naglilimita sa kakayahang makakita sa kalsada
- Habang nasa kalsada, laging panatiliing naka-seatbelt

## Mga Uri ng Fog na Laganap sa huling bahagi ng Taglagas, Taglamig, at Tagsibol

**Advection Fog**—nabubuo kapag ang mainit at mamasa-masang hangin ay dumaan sa malamig na lupa

**Radiation Fog**—nabubuo sa gabi, nananatiling mababa, at nawawala sa sikat ng araw sa umaga

**Freezing Fog**—karaniwang matatagpuan sa malamig at mamasa-masang klima, ang fog na ito ay nangyayari kapag ang mga likidong patak ng fog ay nagyeyelo sa mga solidong ibabaw, na nag-iwan ng hamog na nagyelo

**Steam Fog**—ang mababaw na fog na ito ay nabubuo sa taglagas sa mga lawa kapag ang temperatura ng hangin ay bumababa, ngunit ang temperatura ng tubig ay lumalamig nang mas mabagal at ang mamasa-masang hangin ay tumataas, karaniwang makikita sa mas malamig na panahon

[Ready.Illinois.gov](https://www.readyillinois.gov)



Estado ng Illinois

Illinois Emergency Management Agency at  
Office of Homeland Security



@ReadyIllinois



ReadyIllinois



@ReadyIllinois



@ReadyIllinois



2200 S. Dirksen Parkway  
Springfield, Illinois 62703  
Punong Tanggapan ng IEMA (217) 782-2700  
24 oras na Pagtugon (217) 782-7860